

TAMANG SAGOT

PhilHealth Circular No. 2017-0010

Clarification on the Health Insurance Coverage of Poor Families as Indigent Members through the Sin Tax Law

1. Ano'ng ahensya ng pamahalaan ang tumutukoy sa mahihirap na pamilyang Filipino upang mapasama sila sa Indigent Program ng PhilHealth?

Ginagamit ng National Household Targeting Office (NHTO) ng Department of Social Welfare and Department (DSWD) ang National Household Targeting System for Poverty Reduction (NHTS-PR) bilang gabay sa pagpili ng pamilyang mahihirap na dapat mapasama sa Indigent Program ng PhilHealth.

2. Sino-sino ang mga naka-enrol sa Indigent Program ng PhilHealth?

Lahat ng nasa Listahanan, Pantawid Pamilyang Pilipino (4P's) at Modified Conditional Cash Transfer (MCCT) na wala pang PhilHealth coverage ay ini-enrol ng PhilHealth sa Indigent Program. Lahat ng Indigent Members (Listahanan 1) na nasa Listahanan 2 ay nirenew ang segurong pangkalusugan sa PhilHealth ngayong taon.

3. Ano ang gagawin sa talaan ng mga mahihirap na hindi nakasama sa Listahanan, 4P's at MCCT ng DSWD na galing sa ibang mga ahensya na ipinadadala sa ating tanggapan (Head Office o Local na tanggapan ng PhilHealth)?

Lahat ng talaan ng mga pangalan ng mahihirap na galing sa ibang ahensya na dumadating sa ating tanggapan ay atin pong idinadaan sa pagtutugma sa ating database upang matukoy kung sila ay mayroon ng coverage ng PhilHealth. Lahat ng wala pang coverage ng PhilHealth subali't nasa Listahanan, 4Ps at MCCT ay atin automatikong mabibigyan ng PhilHealth ngunit ang wala sa Listahanan, 4Ps at MCCT ay atin pong ibabalik sa ahensya na humiling upang ito ay kanilang mapondohan nang mabigyan ng PhilHealth coverage.

4. Sino ang nagbabayad ng kontribusyon ng mga Indigent Members ng PhilHealth?

Ang taunang kontribusyon ng mga Indigent Members sa PhilHealth ay mula sa National Government ayon sa nakasaad sa General Appropriations Act (GAA).

5. Ano-ano'ng benepisyo ang makakamit sa ilalim ng Indigent Program?

Ang isang Indigent kasama ang kanyang mga legal na dependent, ay makagagamit ng mga benepisyo sa ilalim ng National Health Insurance Program tulad ng:

- a. In-patient at out-patient Benefits na binabayaran sa pamamagitan ng All Case Rates
- b. Primary Care Benefits sa mga itinalagang Rural Health Units
- c. Z Benefits para sa mga sakit na nangangailangan ng mahabang gamutan

Sa ilalim ng polisiyang No Balance Billing, wala na ring babayaran pa ang mga Indigent Members kung sila ay maospital sa mga pampublikong pagamutan, higit sa sagot ng PhilHealth para sa kanilang sakit. (END)